# Ang Iyong Karapatan sa Pangangatawan

Ano ang nasa loob


| | |
|---|---|
| Ano ang magagawa ng isang kinatawan | 1 |
| Pagpili ng isang kinatawan | 2 |
| Ano ang maaaring singilin ng iyong kinatawan | 2 |
| Pagsasampa ng kasunduan sa singilin | 2 |
| Pagsasampa ng fee petition (petisyon sa singilin) | 3 |
| Magkano ang iyong babayaran | 3 |
| Kung may ibang taong nagbayad sa iyong kinatawan | 4 |
| Kung ikaw ay nag-apela ng iyong claim sa pederal na korte | 4 |
| Pakikipag-ugnayan sa Social Security | 4 |


Maaari kang kumuha ng isang kinatawan, tulad ng abogado o di abogado, para tulungan ka kapag nakikipag-areglo sa Social Security. Kami ay makikipagtulungan sa iyong kinatawan, tulad nang gagawin namin sa iyo.

Para sa iyong proteksyon, sa karamihang mga situwasyon, ang iyong kinatawan ay hindi makakasingil o makakakolekta ng fee mula sa iyo nang hindi muna nakakakuha ng isang nakasulat na aprubasyon mula sa amin. Gayunman, maaaring tumanggap ang iyong kinatawan ng pera mula sa iyo nang pauna basta't ilalagay nila ito sa isang trust o escrow na account.

Parehong ikaw at ang iyong kinatawan ay may responsabilidad para sa pagkakaloob sa amin ng wastong impormasyon. Iligal na magbigay ng hindi wastong impormasyon nang sinasadya o kusa. Kung gawin mo ito, maaari kang masakdal.

## Ano ang magagawa ng isang kinatawan

Sa sandaling magtalaga ka ng isang kinatawan, maaari siyang kumilos sa ngalan mo sa Social Security sa pamamagitan ng:

- Pagkukuha ng impormasyon mula sa iyong file sa Social Security;

- Tulungan ka na makakuha ng mga medikal na rekord o impormasyon para masuportahan ang iyong claim;
- Pagsama sa iyo, o para sa iyo, sa anumang pakikipagpanayam, komperensya, o pagdinig na gagawin mo sa amin;
- Humiling ng muling konsiderasyon, pagdinig, o pagrerepaso ng Appeals Council (Konseho para sa Apela); at
- Pagtulong sa iyo at sa iyong saksi na maghanda para sa isang pagdinig at pagtatanong sa anumang saksi.

Ang iyong kinatawan ay makakatanggap rin ng isang kopya ng (mga) desisyon na isasagawa namin hinggil sa iyong (mga) claim.

## Pagpili ng isang kinatawan

Maaari kang pumili ng isang abogado o iba pang kuwalipikadong indibiduwal para kumatawan para sa iyo. Maaari ka rin magkaroon ng higit sa isang kinatawan. Gayunman, hindi ka maaaring kumuha ng isang tao na, ayon sa batas, ay hindi maaaring kumilos bilang isang kinatawan, o isang taong nasuspinde o nadiskuwalipika ng Social Security mula sa pangangatawan sa iba.

Ang ilang mga organisasyon na makakatulong sa iyong makahanap ng isang kinatawan o magbigay ng mga libreng legal na serbisyo, kung ikaw ay kuwalipikado. ang ilang mga kinatawan ay hindi maniningil maliban na lang kung nakakatanggap ka ng mga benepisyo. Ang iyong tanggapan ng Social Security ay may listahan ng mga organisasyon na makakatulong sa iyong makahanap ng isang kinatawan.

Maaari kang magtalaga ng isa o higit pang mga tao sa isang firm, korporasyon, o iba pang organisasyon bilang iyong mga kinatawan, ngunit hindi mo maaaring italaga ang firm, korporasyon, o organisasyon.

Makalipas kang makapili ng isang kinatawan, kailangan mong sabihin sa amin **sa pamamagitan ng isang kasulatan** sa lalong madaling panahon. Para gawinito, kailangan mong gamitin ang Form SSA-1696-U4, *Appointment of Representative (Pagtatalaga ng isang Kinatawan)*, na available sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o sa alinman sa aming tanggapan ng Social Security.

Kailangan mong ibigay ang pangalan ng indibiduwal na iyong itinatalaga at lagdaan ng iyong pangalan. Kung hindi abogado ang indibiduwal, kailangan niya rin lagdaan ang form.

## Ano ang maaaring singilin ng iyong kinatawan

Para singilin ka sa mga serbisyo, ang iyong kinatawan ay dapat munang mag-file ng isang kasunduan sa singilin o isang petisyon ng singilin sa amin.

Ang iyong kinatawan ay **hindi puwedeng** maningil sa iyo ng higit kaysa sa halaga na aming inaprubahan. Kung ikaw o ang iyong kinatawan ay di sumang-ayon sa kaukulang bayad na aming inaprubahan, maaaring hilingin mo sa amin na pag-aralan muli ito.

Kung ang kinatawan ay naningil o nagkolekta ng kaukulang bayad nang wala ang aming aprubasyon, o naningil o nagkolekta ng higit sa aming inaprubahan, maaari naming isuspinde o di gawing kuwalipikado ang mga ito mula sa pangangatawan ng sinuman para sa Social Security Administration.

## Pagsasampa ng kasunduan sa singilin

Kung ikaw at ang iyong kinatawan ay may nakasulat na kasunduan sa singilin, maaaring hilingin sa amin ng kinatawan na aprubahan ito kahit kailan bago kami magpasya sa iyong claim. Karaniwan, kami'y nag-aapruba ng kasunduan at nagsasabi sa iyo sa pamamagitan ng kasulatan kung magkano ang maaaring singilin ng iyong kinatawan basta't:

- Ikaw ay nagsampa ng isang kasduan sa singilin bago kami magpasya sa iyong kaso;
- Pareho kayong lumagda sa kasunduan;



*(kabila)*

- Kami ay nag-apruba sa iyong claim at nakakatanggap ka ng dati nang dapat binayaran na mga benepisyo; at
- Ang kaukulang bayad na iyong sinang-ayunan kasama ng iyong kinatawan ay hindi hihigit sa 25 porsiyento ng mga dati nang dapat bayaran na mga benepisyo o $6,000, alinman ang mas mababa.

Kung hindi namin aprubahan ang kasunduan sa singilin, ipapagbigay-alam namin sa iyo at sa iyong kinatawan sa pamamagitan ng kasulatan.

## Pagsasampa ng fee petition (petisyon sa singilin)

Maaari kaming bigyan ng iyong kinatawan ng isang petisyon sa singilin makalipas na makumpleto ang trabaho sa iyong (mga) claim. Ang nakasulat na kahilingan na ito ay nararapat na maglarawan nang detalyado sa tagal ng panahon na inilaan sa bawat serbisyo na ipinagkaloob ng iyong kinatawan. Ang iyong kinatawan ay dapat magbigay sa iyo ng kopya ng petisyon sa singilin at ang bawat kalakip. Kung ikaw ay di sumang-ayon sa kaukulang bayad o sa impormasyon na ipinapakita, makipag-ugnayan sa amin sa loob ng 20 araw. Aming ikokonsidera ang makatarungang halaga ng mga serbisyo ng kinatawan at sasabihin sa iyo, sa pamamagitan ng isang kasulatan, ang halaga ng singilin na aming inaaprubahan. Kung ikaw ay di sumasang-ayon sa kaukulang bayad na aming inaprubahan, kailangan mong sabihin sa amin sa pamamagitan ng kasulatan sa loob ng 30 araw mula sa petsa nang bigyan namin ito ng awtorisasyon.

## Magkano ang iyong babayaran

Ang kaukulang bayad na aming pinagpasyahan na dapat singilin ng iyong kinatawan ay ang pinakamalaking halaga na dapat mong bayaran para sa kaniyang mga serbisyo, kahit na sumang-ayon ka na bayaran ng mas malaki ang iyong kinatawan. Gayunman, maaari kang singilin ng iyong kinatawan para sa mga mula sa sariling bulsa na gastusin, tulad ng mga gastusin para sa mga medikal na ulat, nang wala ang aming aprubasyon.

Kung ang abogado o di abogado kung saan naturing ng Social Security na karapat dapat para sa direktang kabayaran ang kumatawan para sa iyo, kami ay magtatabi ng hanggang 25 porsiyento ng iyong dati nang dapat bayaran na mga benepisyo para bayaran ang singilin. Kami ay nagbabayad sa lahat o isang parte ng mga singilin ng kinatawan mula sa perang ito at magpapadala sa iyo ng anumang mga perang natira.

Minsan ay kailangan mong bayaran ang iyong kinatawan nang direkta:

- Kailangan mong bayaran ang natitirang utang mo kung ang naaprubahang halaga ay higit pa sa perang aming itinabi at binayaran sa iyong kinatawan.
- Kailangan mong bayaran ang kabuuang singilin kung:
  - —Ang iyong kinatawan ay hindi karapat-dapat para sa direktang kabayaran;
  - —Ang iyong kaso ay hindi nagresulta
  - —Hindi kami nagtabi ng 25 porsiyento mula sa iyong dati nang dapat bayaran na mga benepisyo mula sa Social Security o Supplemental Security Income; o pareho; o
  - —Ang iyong kinatawan ay nagsagawa ng nasa oras na kahilingan para sa isang singilin at kami ay nagpadala sa iyo ng pera na dapat naming itabi.

Kailangan mong magbayad ng mga out-of-pocket na gastusin sa iyong kinatawan na natamo o (mga) inaasahan na matamo (halimnbawa, ang halaga ng pagkuha ng mga rekord ng iyong doktor o ospital).



*(kabila)*

## Kung may ibang taong nagbayad sa iyong kinatawan

Kailangan naming aprubahan ang kaukulang bayad, kahit na ibang tao ang magbabayad nito para sa iyo (halimbawa, isang kaibigan o kamag-anak), maliban kung:

- Ito ay isang negosyo, isang for-profit o non-profit na organisasyon o pederal, pang-estado, county o pang-lungsod na ahensyang magbabayad ng kaukulang bayad at anumang mga gastusin mula sa sarili nitong mga pondo; at
- Ikaw at anumang mga dagdag na beneficiary ay libre mula sa direkta o di direktang pananagutan para bayaran ang singilin o gastusin, nang buo o isang bahagi nito, sa isang kinatawan o sa iba pa; at
- Ang iyong kinatawan ay nagbigay sa atin ng nakasulat na pahayag na ikaw ay hindi kailangang magbayad ng anumang singilin o gastusin.

## Kung ikaw ay nag-apela ng iyong claim sa pederal na korte

Mapapahintulutan ng korte ang isang makatarungang singilin para sa iyong abogado. Hindi namin kailangan aprubahan ang nasabing kaukulang bayad. Ang iyong kaukulang bayad ay hindi lalampas sa 25 porsiyento ng lahat ng dati nang binayarang mga benepisyo na magreresulta sa desisyon ng korte. Hindi sisingilin ng iyong abogado ang anumang dagdag na singilin para sa mga serbisyo sa harap ng korte.

## Pakikipag-ugnayan sa Social Security

May iba't ibang paraan para makipag-ugnayan sa Social Security, kabilang na ang online, sa pamamagitan ng telepono, at nang personal. Naririto kami para sagutin ang inyong mga katanungan at upang mapaglingkuran kayo. Higit na sa 80 taon, ang Social Security ay nakatulong na mapanatag ang kabuhayan ngayon at para sa kinabukasan sa pamamagitan ng pagkakaloob ng mga benepisyo at pinansiyal na proteksyon para sa milyon-milyong mga katao para sa kanilang pamumuhay.

### Bumisita sa aming website

Ang pinakamadaling paraan na makipag-ugnayan sa Social Security mula saanmang lugar kahit kailan, ay bumisita sa ***www.socialsecurity.gov***. Doon, maaari kayong:

- Lumikha ng isang my Social Security account para mabalikan ang inyong *Social Security Statement*, patotohanan ang inyong mga kinita, mag-print ng isang benefit verification lettert (liham ng pagpapatotoo ng benepisyo), baguhin ang inyong impormasyon para sa direktang pagde-deposito, humiling ng isang pamalit na Medicare card, kumuha ng kapalit na SSA-1099/1042S, at marami pang iba;
- Mag-apply para sa Extra Help (Karagdagang Tulong) gamit ang mga gastusin sa plano ng Medicare para sa inireresetang gamot;
- Mag-apply para sa retirement, kapansanan at mga benepisyo sa Medicare;
- Maghanap ng mga kopya ng aming mga inilathala;
- Makuha ang mga sagot sa mga madalas a katanungan; at
- Marami pang iba!

Ang ilang sa mga serbisyong ito ay makukuha lang sa wikang Ingles. Bumisita sa aming Multilanguage Gateway para sa impormasyon sa wikang Tagalog. Kami ay nagkakaloob ng libreng serbisyo ng interpreter para tulungan kayo sa pagsasagawa ng inyong dapat gawin sa Social Security. Ang mga serbisyo ng interpreter ay handang magamit kung kayo ay makikipag-usap sa amin sa telepono o sa tanggapan ng Social Security.

### Tumawag sa amin

Kung wala kayong access sa internet, kami ay naghahandog ng maraming mga automated na serbisyo sa pamamagitan ng telepono, 24 oras, 7 araw sa isang linggo. Tumawag sa amin sa walang bayad na toll sa **1-800-772-1213** o

*(kabila)*

sa aming TTY na numero, **1-800-325-0778**, kung kayo ay hindi nakakarinig o nahihirapan makarinig.

Kung kailangan ninyong makipag-usap sa isang tao, masasagot namin ang inyong mga tawag mula 7 a.m. hanggang 7 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Humihingi kami ng kaunting pasensya sa mga panahon na napakaraming ginagawa dahil maaari kayong makaranas ng higit sa karaniwang dalas na pagka-busy ng telepono at mas matatagal na panahon ng paghihintay sa tawag para makausap kami. Inaasahan namin na makapaglingkod sa inyo.

Securing today
and tomorrow

**Social Security Administration**
Publication No. 05-10075-TL | June 2017
Ang Iyong Karapatan sa Pangangatawan
Your Rights to Representation (Tagalog)
Produced and published at U.S. taxpayer expense
Ang nagbabayad ng buwis sa U.S. ang nagbayad para sa paglikha at paglathala nito